Republic of the Philippines
CITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

## OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING ANIM NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MARTES, IKA-2 NG MAYO, 2006 SA GUSALING BATASAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD.**

Mga Dumalo:

1. Kgg. ARLENE ARCILLAS-NAZARENO - Pang. Punong-lungsod, Namuno
2. Kgg. LAUDEMER A. CARTA - Kagawad
3. Kgg. JOSE C. CARTAÑO - Kagawad
4. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA - Kagawad
5. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
6. Kgg. ARNEL DC. GOMEZ - Kagawad
7. Kgg. ANTONIA T. LASERNA - Kagawad
8. Kgg. ROY M. GONZALES - Kagawad
9. Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN - Kagawad
10. Kgg. MYTHOR C. CENDAÑA - Kagawad
11. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad
12. Kgg. AIZEL B. ALIPON - Kagawad

Di-Dumalo:

1. Kgg. RAUL P. AALA - Kagawad

****************

# KAPASIYAHAN BLG. 123-2006

(Sa mungkahi ng Lupon ng Housing and Urban Development)

**ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATIBAY SA KAHILINGAN NG AVIDA LAND CORPORATION NA MAGKAROON NG PAGBABAGO ANG PINAGTIBAY NA SUBDIVISION PLAN (Approved Subdivision Plan) ng SANTAROSA ESTATES PROJECT NA MATATAGPUAN SA BARANGAY DON JOSE, LUNGSOD NG SANTA ROSA, LAGUNA.**

YAYAMANG, ang Avida Land Corporation sa pamamagitan ng kanilang Pangalawang Pangulo, G. Steven J. Dee ay nagsulit ng kahilingan na magkaroon ng pagbabago ang Pinagtibay na Plano ng Subdibisyong kilala bilang Santarosa Estates na napagkalooban ng Pamahalaang Lungsod ng Pahintulot sa Pagpapaunlad na kilala bilang Development Permit No. 96-0703-30 at binubuo ng 347,107 metrong parisukat;

YAYAMANG, sa kahilingan ay may kinakailangang pagbabago sa 50,583 metrong parisukat na bahagi ng subdibisyon upang matugunan ang lumalaking pangangailangan ng lugal para sa komersiyal at pangangalakal;

RONQUILLO, RAMIR R.
5-4-06
Eng'g.

Republic of the Philippines
CITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

## OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD



YAYAMANG, alinsunod sa pag-aaral ay mas magiging kapakipakinabang ang proyekto kung mapagtitibay ang kahilingan ng Avida Land Corporation na mabago ang pinagtibay na subdivision plan.

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagpapatibay sa kahilingan ng Avida Land Corporation na mabago ang bahagi ng pinagtibay na Subdivision Plan ng Santarosa Estate na matatagpuan sa Barangay Don Jose, Lungsod ng Santa Rosa.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinatotohanan:

**ARLENE ARCILLAS-NAZARENO**
Pangalawang Punong-lungsod

Pinagtibay:

**JOSE B. CATINDIG, Jr.**
Punong-lungsod

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay para sa Ikalawang Pagbasa at sinipi mula sa katitikan ng Ika-16 na Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Panlungsod ng Lungsod ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-2 ng Mayo, 2006.

**CYNTHIA M. GOMEZ**
Kalihim Panlungsod